ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo LIV Blg. 7
Abril 7, 2023
www.philippinerevolution.nu

**EDITORYAL**

# Ipagbunyi ang nalalapit na ika-50 anibersaryo ng NDFP

Sa darating na ika-24 ng Abril, ipagdiwang natin ang ika-50 anibersaryo ng National Democratic Front of the Philippines, ang malapad na alyansang nagbubuklod sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa na nagsusulong ng pambansa-demokratikong kilusan at sumusuporta sa armadong pakikibaka.

Itinatag ang NDFP pitong buwan matapos ipataw ni Marcos I ang batas militar, isa sa pinakamadilim na yugto sa kasaysayan ng bansa. Nagsilbi ang NDFP bilang nagliliyab na sulo na nagbigay liwanag sa landas ng militante at rebolusyonaryong paglaban. Pinatatag ng NDFP ang tapang at kalooban ng bayan na magpunyagi sa mahirap na landas ng pakikibaka patungo sa maaliwalas na bukas.

Binuo ang NDFP Preparatory Commission sa inisyatiba ng Partido upang tipunin ang mga organisasyong masang napwersang kumilos nang lihim dahil sa pagpapataw ng pasistang diktadura. Inihanda nito ang manipesto ng NDFP at ang 10-puntong (malao'y 12-puntong) programa na nagsilbing pambuklod sa malawak na sambayanan. Sa paglipas ng panahon, isa-isang nabuklod sa NDFP ang mga organisasyong anti-diktadura.

Hindi nagtagal, nagsilbi ang NDFP bilang bag-as ng mga pakikibakang bayan at malao'y kikilalanin sa buong bansa at daigdig bilang kinatawan ng sambayanang Pilipinong lumalaban. Nabuo at sumanib sa NDFP ang iba pang lihim na pambansa demokratikong organisasyong masa. Binubuo ito ngayon ng 18 organisasyong kumakatawan sa iba't ibang mga progresibo at demokratikong uri at sektor na binubuklod ng rebolusyonaryong hangaring wakasan ang paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo.

Ang NDFP ngayon ang pinakakonsolidadong bahagi at pinakabakal na gulugod ng pambansang nagkakaisang prente. Ito ay isang nagkakaisang prente para sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Tunay na ang NDFP ang kalasag ng sambayanan, habang sandata nila ang Bagong Hukbong Bayan. Dumadaloy dito ang malawak na suportang pampulitika at materyal para sa BHB at rebolusyonaryong kilusan. Sa pamamagitan ng NDFP at ng mga organisasyong bumubuo nito, nagkaroon ng malawak na pagkilala sa armadong pakikibaka bilang makatwirang anyo ng paglaban sa pasistang tiraniya sa ilalim ni Marcos at ng mga sumunod na pseudo-demokratikong rehimen.




Sa ibayong pagsulong ng digmang bayan sa buong bansa, umusbong ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan, ang binhi ng Demokratikong Gubyernong Bayan ng Pilipinas. Kinakatawan ito sa kabuuan ng NDFP sa pakikipag-ug-

nayan sa mga kilusan, bayan at gubyerno sa ibang bansa. Mahusay na itinaguyod at kinatawan ng NDFP ang interes ng sambayanang Pilipino sa pakikipag-usapang pangkapayapaan sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas mula 1987 na nagpatampok sa makatwirang mga kahingian ng taumbayan at nagbunga ng ilang makabuluhang kasunduan.

Malalim ang kabuluhang pangkasaysayan ng nalalapit na anibersaryo ng NDFP. Sinasagisag nito ang mahigit limang dekadang walang puknat na pakikibaka ng sambayanan para sa pambansang kalayaan at tunay na demokrasya. Ang labis na pagdurusa ng mayorya ng masang Pilipino sa ilalim ng kasalukuyang papet at pasistang rehimeng US-Marcos II ay nagdidiin sa pangangailangang ibayong palakasin at palawakin ang NDFP at mga kaanib nitong organisasyon, ang mga pakikibakang masa at ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa buong bansa.

Sagad-sagad ang pagmamanikluhod ni Ferdinand Marcos Jr sa geopulitikal, pang-ekonomya at pangmilitar na interes imperyalismong US. Kalayaan, kabuhayan at buhay ng mga Pilipino ang inihahain niya kapalit ng puhunan, ayudang militar at mga pautang.

Sa lalong pagtutulak ni Marcos ng mga patakarang neoliberal, kaliwa't kanan ang pagkamkam at paghuthot ng mga dayuhang monopolyong kapitalista sa mga pinagkukunan ng kabuhayan ng masang anakpawis. Dinadagit at dinadambong ang mga kabundukan, malawak na kalupaan, maging mga karagatan. Winawasak ang kapaligiran, at tinataboy at pinagkakaitan ang masang magsasaka, mangingisda at iba pang anakpawis ng kanilang ikinabubuhay. Upang akiting mamuhunan ang mga dayuhang malalaking kapitalista, nagtetengang-kawali siya sa sigaw para sa umento ng mga manggagawa at karaniwang mga kawani sa harap ng walang-patlang na pagsirit ng presyo ng pagkain at mga bilihin.

Sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), sunud-sunuran si Marcos sa imperyalismong US sa pagbubukas ng karagdagang apat na lokasyon (mula lima) para sa pagtatayo ng mga base militar at pasilidad ng US. Dalawa nito ay sa Cagayan, isa sa Isabela at isa sa Palawan. Dagdag na piyesa ang mga ito sa estratehiya ng US na palibutan at upatan ang imperyalistang karibal nitong China. Bahagi ang Pilipinas ng tinatawag ng US na "First Island Chain" o kawing ng mga isla kung saan nagtatayo ito ng lambat ng mga lunsaran ng misayl na nakatutok sa China. Dahil sa EDCA, maaaring mag-imbak ang US ng mga armas nukleyar o kahit pa anong sandata na hindi man lamang nalalaman ng mga Pilipino. Idinadawit ng mga ito ang Pilipino sa gerang hindi naman kanila, at ginagawang posibleng target ang Pilipinas ng anumang aksyon o kontra-aksyon ng China.

Sa harap ng mga ito, kailangang-kailangang buklurin ang sambayanang Pilipino sa ilalim ng bandera ng patriyotismo at tunay na demokrasya, upang ipagtanggol ang buhay at kalayaan ng bansa. Dapat makibaka sa lahat ng posibleng larangan ng paglaban, pakilusin ang pinakamalaking bilang ng mamamayan, at ipamalas ang kanilang lakas na baguhin at ukitin ang sariling landas ng kasaysayan.

Hindi matatawaran ang gagampanang papel ng NDFP upang tipunin ang lakas ng sambayanan at likhain ang makapangyarihang daluyong ng protesta at paglaban.

Dapat ubos-kayang palaganapin at buklurin ang sambayanan sa batayan ng pambansa-demokratikong programa ng NDFP. Pangunahin itong nakatuon sa pagwawakas ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal, at sa pagpapalaya ng bayan mula sa dayuhang paghahari at kontrol. Ito ang salalayang kundisyon upang baguhin ang takbo ng kapalaran ng mga Pilipino, wakasan ang ilandaang-taong kasaysayan ng kaapihan at pagkabusabos, at dalhin ang bayan sa bagong kabanata ng pagsulong at kaunlaran.

Walang kasingsidhi ang hangarin ng sambayanang Pilipino para sa tunay na kalayaan at demokrasya. Hindi ito mapupuksa kahit ng brutal na terorismo ng papet na estado. Humalaw tayo ng lakas at inspirasyon sa libu-libong Pilipinong nag-alay ng kanilang buhay sa ilandaan taon nang rebolusyonaryong pakikibaka. Buong-puso nating ialay ang lahat para paglingkuran ang sambayanan. AB


ANG Bayan

Tomo LIV Blg. 7 | Abril 7, 2023

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray, Ingles at Espanyol. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.


## Nilalaman


**Editoryal:** Ipagbunyi ang nalalapit na ika-50 anibersaryo ng NDFP 1
Taktikal na opensiba ng BHB sa Masbate 3
Ambus ng BHB sa Albay at Quezon 3
Wawa-Tayabasan Dam, salot sa Rizal 4
Mga armadong aksyon ng BHB-Negros 5
Matabang lupa sa NCMR para sa rebolusyon 5
Ika-54 anibersaryo ng BHB, ipinagdiwang 6
Sa madaling salita 7
Mga pagkilos para sa dagdag-sahod 8
3 sibilyan, dinukot ng militar sa Batangas 9
3 maysakit na mandirigma, sadyang pinatay 9
Pilipinas, ginagawang tau-tauhan ng US kontra China 9
Pandarambong sa Surigao del Sur 10




Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



ang.bayan@cpp.ph

@angbayan1969

# Magkakasunod na taktikal na opensiba ng BHB sa Masbate



Magkakasunod na gerilyang aksyon ang inilunsad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate noong huling hati ng Marso. Bahagi ang mga ito ng pagsisikap ng hukbong bayan na ipagtanggol ang masang Masbatenyo at lansagin ang umiiral na paghaharing militar sa prubinsya.

Hindi bababa sa 20 pwersa ng berdugong 2nd IB, CAFGU at mga pulis ang napatay sa apat na aksyong gerilya ng mga Pulang mandirigma sa tatlong bayan ng prubinsya.

Una sa serye ang koordinadong aksyong gerilya sa Barangay Locsoan, Placer at Barangay Gaid, Dimasalang noong Marso 22. Napatay sa mga armadong aksyon ang 10 tropa ng 2nd IB at pulis habang hindi bababa sa pito ang nasugatan. Ilan sa mga sugatan ay namatay rin kinalaunan.

Noong Marso 24, pinasabugan ng mga operatiba ng BHB ang detatsment ng CAFGU sa Barangay Manlut-od, Placer. Isinagawa ang operasyon ng alas-11 ng gabi na ikinagulantang ng mga armadong pwersa ng kaaway sa detatsment. Apat na sundalo at tauhan ng CAFGU ang napatay. Winasak din ng mga operatiba ng BHB ang tatlong kubo ng naturang detatsment.

Sinundan ito ng isa pang operasyong demolisyon noong Marso 27 ng BHB sa Barangay Marcella, Uson laban sa Task Force Sagip na binuo ni Marcos Jr. Samantala, iniulat ng yunit ang aktibong depensa nito laban sa umaatakeng pwersa ng 2nd IB sa Barangay Villahermosa, Cawayan noong Marso 20. Napatay dito ang kumander ng umaatakeng yunit ng AFP.

**Paglabag ng AFP sa internasyunal na makataong batas**

Sa kasagsagan ng mga aksyong gerilya ng BHB, nagpakalat ng kasinungalingan ang AFP na umatake diumano ang BHB malapit sa paaralan. Inulit-ulit pa ng kalihim ng Department of Education (DepEd) na si Sara Duterte ang kasinungalingang ito.

Ang totoo, malayo sa sibilyang populasyon at mga eskwelahan ang naganap na mga sagupaan sa pagitan ng BHB at AFP. Pero dahil sa matinding pagkagulantang at takot, nagsitakbuhan ang mga pwersa ng 2nd IB at nagpaputok sa loob ng mga eskwelahan sa dalawang barangay. Noong Marso 20, nagpaputok ng baril at nagpasabog ng M203 ang mga sundalo malapit sa Villahermoso National High School sa Cawayan. Noon namang Marso 22, umatras sa Locsoan National High School ang tropa ng militar at pulis matapos maengkwentro ng BHB. Nagdulot ang mga insidenteng ito ng matinding takot sa mga estudyante at guro.

Kinutya ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) sa isla ang nakakalat na tropa ng AFP-PNP-CAFGU na anito'y "bahag ang buntot" at "nangangatog ang tuhod." Ginagamit nila ang mga sibilyan, kahit mga bata, bilang pananggalang para hindi sila atakehin ng BHB.

Samantala, inaresto ng mga pulis ang apat na sibilyan sa bayan ng Cawayan sa akusasyong "pinatuloy" nila ang mga Pulang mandirigma sa kani-kanilang mga bahay isang araw bago ang mga sagupaan. Sinampahan ang apat ng kasong pagpatay.

Para ibayong maghasik ng takot at lagim sa prubinsya, nagbuhos ng karagdagang 500 tropa ang AFP sa tabing ng pagtatanggol sa kagalingan ng mga estudyante at guro. Dagdag ang mga ito sa hindi bababa sa limang batalyon ng militar at pulis na dati nang naghahasik ng terorismo sa hanay ng masang Masbatenyo.

Ayon sa BHB-Masbate, layunin ng bagong pakat na tropang militar na protektahan ang interes ng malalaking negosyo, kumpanya sa pagmimina at mga proyektong ekoturismo na nakapamiminsala sa kagalingan ng masang Masbatenyo. AB

**Ambus, inilunsad ng BHB sa Albay at Quezon**

INAMBUS AT NAPATAY ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Albay ang isang pulis paniktik sa Sityo Agna, Homapon, Legazpi City noong Abril 5. Nasamsam sa kanya ang isang pistolang 9 mm.

Sa Quezon, tinambangan ng BHB ang 85th IB sa Barangay Vista Hermosa, Macalelon noong Marso 24. Dalawa ang kaswalti sa 85th IB.

Samantala, apat ang napatay at tatlo ang nasugatan sa 10th Special Action Battalion ng PNP sa aktibong pagdepensa ng BHB-Mindoro sa Sityo Naksib, Barangay Sta. Cruz, Bongabong, Oriental Mindoro noong Marso 15.


# Wawa-Tayabasan Dam, salot sa kalikasan at mamamayan ng Rizal

Isang sundalo ang napatay nang tambangan ng Bagong Hukbong Bayan-Rizal ang mga tropa ng 80th IB na nagsisilbing gwardya ng Wawa Bulk Water Supply Project, tinaguriang Wawa-Violago Dam sa lokalidad. Naganap ang ambus sa Sityo Karayupa, Barangay San Rafael, Rodriguez noong Marso 31. Sinundan pa ito ng aktibong depensa ng BHB noong Abril 1 sa Sityo Makopoy, Baragay Mascap, Montalban kung saan dalawang sundalo ng 2nd ID ang napatay.

Mula pa Pebrero nag-ooperasyon ang mga sundalo sa mga barangay na saklaw ng Wawa-Tayabasan Dam na mayor na bahagi ng Wawa Bulk Water Supply Project. Laganap ang panggigipit at pagmamanman sa mga residente na tutol sa proyekto at tumatangging umalis sa kanilang mga tirahan at sakahan.

Ang Wawa Bulk Water Supply Project ay proyekto ng Wawa JVCo, sosyohan ng malaking burgesya at kroning si Enrique Razon Jr. at Oscar Violago ng San Lorenzo Ruiz Builders and Developers. Pinopondohan ito ng mga utang mula sa China sa kundisyong mga kumpanyang Chinese ang makikinabang sa proyekto. Isa rito ang PowerChina na nakakontrata para sa disenyo, pagsuplay ng materyal at konstruksyon ng dam. Tulad ng Kaliwa Dam, isa ito sa mga "flagship" ng programang Build, Build, Build ng rehimeng Duterte na ibinubwelo ngayon ng rehimeng Marcos.

Paspasan ang pagtatayo ng dalawang dam. Noong Hunyo 2022, pinasinayaan ni Razon ang Tayabasan Weir (mababang dam na may taas na 25 metro) na Phase I ng proyekto. Iniraratsada ngayon ang konstruksyon ng mas malaki at mas mapaminsalang Upper Wawa dam na sumasaklaw sa lupang ninuno ng mga Dumagat/Remontado. Walang patid na 24 oras na binubuldoser ang mga sakahan sa paligid ng proyekto. Tuluy-tuloy din ang pasabog sa kabundukan.



Magsusuplay ang dalawang dam ng halos 600 milyong litrong tubig kada araw sa Manila Water Corporation, isa sa dalawang kunsesyuner ng maiinom na tubig sa Metro Manila. Ang kumpanyang ito na notoryus sa kapalpakan sa serbisyo at matataas na singil ay pag-aari rin ni Razon.

"Nagsimula noong isang taon pa ang pwersahang pagbili (ng JVCo) ng mga lupang tirahan at sakahan," salaysay ng isang residente sa lugar. "Sa ilang bahagi ng San Rafael ay marami na ang napwersang magpabayad dahil sa panggigipit sa kanila." Aniya, ang ibang nagbenta ay bumili ng lupa sa ibang sityo na sasaklawin din para sa proyekto. "Dismayado sila dahil nahagip pa din sila sa mga lilipatan nila."

Ang alok ng JVCo sa mga magsasaka ay ₱50 kada metro kwadrado lamang o ₱500,000 kada ektarya. Bukod pa ito sa bayad sa kanilang mga palayan, halaman at bahay. Pero may mga magsasakang ginipit para tumanggap ng bayad na mas mababa rito. Sa takot na mapalayas sila nang wala ni singko na makukuha ay nakipagkasundo sila kahit masama sa kanilang loob. Pagdadahilan ng kumpanya, lupang pampubliko ang kinatitirikan ng kanilang mga bahay at sakahan kaya wala silang karapatan dito.

Liban sa mga magsasaka at katutubo, malaki ang epekto ng proyekto sa kabuhayan ng mga umaasa sa lokal na turismo sa Wawa Dam sa Montalban at mga *hiking trail* sa San Mateo. Libu-libong lokal na turista ang dumadayo rito dahil malapit lamang ito sa Metro Manila. Nasa gitna ito ng Mt. Pamitian at Mt. Binacayan at mayroong maraming *gorge* at kweba na pasyalan ng mga nagmamahal sa kalikasan. Daanan din ito tungong Mt. Purro, Barumbibit Falls, Balon, Lanawan at Kapananan, mga nilalakarang daan sa Sierra Madre.

Simula Marso noong nakaraang taon, ipinagbawal na ng JVCo ang turismo sa Wawa. Lubos itong nakaapekto sa mga residenteng nagtatrabaho bilang mga *tourist guide.* Sa Casile pa lamang, mayroon 55 na *tourist guide*. Kumikita sila ng arawang abereyds na ₱1,000 mula Lunes hanggang Biyernes, at abereyds na ₱2,000 tuwing Sabado at Linggo. Sa loob ng isang taon, maaaring umabot sa ₱469,000 ang kayang kitain ng isang *tourist guide*.

Bukod sa mga *tourist guide*, mawawalan din ng hanapbuhay ang mga may-ari ng mga *cottage*, bangkero at mga drayber ng traysikel na umaasa sa lokal na turismo. Hindi malayo sa kinikita ng mga *tourist guide* ang kinikita nila.

Karamihan sa kanila ay binayaran na ng kumpanya ng ₱100,000 kada isa para lisanin ang lugar. Sangkapat lamang ito sa kaya nilang kitain kapag manatili sila sa lugar. AB

# Mga armadong aksyon ng BHB-Negros

Inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang tatlong gerilyang aksyon noong ikalawang hati ng Marso bilang tugon sa dagdag na pwersang militar sa isla.

Noong Marso 20, pinaputukan ng BHB ang detatsment ng 7th Regional Mobile Force Battalion sa Sityo Hinugpayan, Barangay Luz, Guihulngan City, Negros Oriental. Nasugatan dito ang dalawang pulis. Pinaputukan din ng BHB ang detatsment ng 62nd IB sa Barangay Sikatuna Proper, Isabela, Negros Occidental sa araw ding iyon.

Samantala, dalawang maiksing armas ang nasamsam ng BHB mula sa mga armadong maton at mang-aagaw ng lupa sa Sityo Manlama, Brgy Montilla, Moises Padilla, Negros Occidental noong Marso 30.

**Ibayong militarisasyon**

Binweltahan ng BHB-Negros ang binuong *task force* ni Ferdinand Marcos Jr na para umano "panatilhin ang kapayapaan at kaayusan" sa buong isla. Ginamit ng rehimen ang pagpatay kay Negros Oriental Governor Roel Degamo noong Marso para magpakat dito ng dagdag na pwersang militar. Tiyak na maghahatid ito ng ibayong terorismo at lagim sa lugar.

Unang ipinag-utos ng rehimeng Marcos noong Marso 10 ang pagbubuo ng *task force* na kabibilangan ng dalawang brigada at anim na batalyon ng PNP at ng AFP. Ginawang pormal ang atas nang pirmahan niya ang Administrative Order No. 6 noong Abril 3.

Idinagdag sa isla ang 50-kataong kasapi ng Light Reaction Company, yunit na sinanay ng US at sangkot sa paghahasik ng lagim sa Marawi City. Dumating na rin noong Marso sa Negros mula sa Bohol ang 47th IB.

Ang kautusan ni Marcos ay pumatong sa Memorandum No. 32 ng rehimeng Duterte na nagresulta sa kahindik-hindik na mga krimen laban sa mamamayan ng Negros.

Kabilang dito ang maramihang pagpatay sa mga magsasaka sa tinaguriang Oplan Sauron 1 at 2 noong 2018 at 2019. AB

# Mataba ang lupa sa NCMR para sa armadong rebolusyon

Sa anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan noong Marso 29, inatasan ng Komite ng Partido Komunista ng Pilipinas sa North Central Mindanao sa mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa ilalim nito na pahigpitin ang hawak sa mga prinsipyo sa gerilyang pakikidigma. Panawagan nito ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at paggapi sa nakapokus na mga operasyon ng kaaway.

Sa nakarang limang taon, hinarap ng PKP at BHB-NCMR ang matitinding operasyon ng Armed Forces of the Philippines na naglayong gapiin ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon. Gumamit ito ng maraming tropa at modernong mga armas tulad ng *drone*, *fighter jet*, helikopter at artileri. Matingkad ang terorismo ng estado sa rehiyon, kung saan naging gawi ng estado ang hulihin, iditine at ipailalim sa matinding presyur ang rebolusyonaryong mga ina at kanilang mga anak, pananakot at pagsampa ng gawa-gawang kaso sa mga pamilya ng mga martir na mandirigma, pagpaslang sa mga sibilyan, pananakot at panghahalughog sa mga bahay ng mga masa, iligal na detensyon, pagblokeyo sa pagkain, at marami pang paglabag sa karapatang-tao.

Isinasagawa ang lahat ng ito sa gitna ng krisis sa kabuhayan ng mamamayan na nagdulot ng malawakang gutom at paghihirap sa rehiyon. Malawakan ang pagpapalayas sa mga magsasaka at pang-aagaw ng kanilang mga sakahan para sa ekspansyon ng mga komersyal na plantasyon. Kabilang dito ang pagtataboy sa mga magsasaka sa Malitbog, Bukidnon para bigyan-daan ang plantasyon ng kamoteng-kahoy ng San Miguel Foods Inc; pagdemolis sa mga magsasaka sa Balingasag, Misamis Oriental para sa ekspansyon sa plantasyon sa pinya sa Del Monte; at marami pang iba. Laganap ang panggigipit ngayon sa mga barangay ng Manalog, Kibalabag, Silae at Miglamin sa Malaybalay City dahil sa planong pang-agaw ng Del Monte sa 6,000 ektaryang lupa na balak nitong gawing plantasyon ng pinya, papaya at abokado.

Dagdag na pasakit sa mga magsasaka ang bagsak na pagbili sa kanilang mga produkto habang sumisirit ang presyo ng batayang mga bilihin. Sa nakaraang taon, nasa ₱22-₱26 lamang kada kilo ang bilihan ng goma. Ang presyo ng abaka ay nasa mababang ₱48-₱60 kada kilo lamang, at ang mais ay nasa ₱15-₱22 kada kilo.

Para sa Region X, itinakda sa batas ang minimum na sahod na P390 kada araw para sa mga manggagawang di agrikultural at ₱375 para sa mga manggagawa sa agrikultura. Sa aktwal, nasa ₱250-₱300 lamang ang natatanggap ng mayorya dahil sa iskemang kontrakwalisasyon.

Maraming magsasaka ngayon sa rehiyon ang patuloy na naggigiit ng kanilang karapatan sa lupa sa pamamagitan ng sama-samang bungkalan at okupasyon, pagkumpronta sa mga negosyo at panginoong maylupa at iba pang paraan. Mula sa mga pakikibakang ito'y lumilitaw ang mga kabataang bagong mandirigma ng BHB. Pinatutunayan nito na makatarungan at mahalaga ang pagrerebolusyon ng mamamayan. AB

# Ika-54 anibersaryo ng BHB, ipinagdiwang

Ipinagdiwang sa buong bansa at maging sa ibayong dagat ang ika-54 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Marso 29. Inilunsad ang mga aktibidad sa mga larangang gerilya ng BHB, mga sikretong pagtitipon ng mga alyadong organisasyon ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa mga sentrong bayan, at mga pulong at asembliya sa ibang bansa ng mga sumusuportang organisasyon sa digmang bayan sa Pilipinas.

Sa pahayag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas, pinarangalan nito ang mga dakilang martir at Pulang mandirigma ng BHB na nag-alay ng kanilang buhay para sa demokratikong rebolusyong bayan. Nanawagan ang Partido sa BHB na "palagablabin at ikalat ang apoy ng digmang bayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya."

Ayon sa Komite Sentral, matatag na sumulong at pinangibabawan ng BHB ang lahat ng disbentahe at mga pagkabigo sa lahat ng yugto sa kasaysayan ng 54 taong paglaban nito. "Binigo nito ang magkakasunod na kampanya ng kaaway ng pagkubkob at armadong pagsupil," dagdag pa ng Partido.

Samantala, sa pahayag ng mga komite ng Partido sa North Central Mindanao Region, Southern Tagalog Region at Mindoro Island, inilatag nito ang mga lokal na tagumpay ng BHB sa eryang saklaw ng operasyon. Naglabas din ng pahayag ang kumand ng BHB sa isla ng Panay, Southern Panay, mga kumand sa larangan sa isla ng Negros, Masbate, Camarines Sur at Camarines Norte, Batangas, Surigao del Sur at mga balangay ng NDF sa Ilocos, Cavite, Laguna, Palawan at iba pa.

Iniulat ng kumand ng BHB-Central Negros ang naabot nitong mga tagumpay sa nagdaang taon. Lumawak ang baseng masa ng larangan nang ilang ulit at inaabot ng mga operasyon nito ang hindi bababa sa 400 sityo sa walong bayan. Nakapagrekrut din ito ng mga bagong Pulang mandirigma mula sa mga intelektwal na kabataan sa kanayunan. Patuloy ding lumawak ang mga yunit ng milisyang bayan sa larangan na binubuo ngayon ng daan-daang mga magsasaka.

Sa ibang mga larangan sa buong bansa, iniulat ng mga yunit ang paglulunsad ng maraming bats ng mga Pampartidong pag-aaral, mga serbisyong medikal, at iba pang serbisyong panlipunan sa mga saklaw na erya. Nailunsad ang mga ito kahit pa humarap sila sa brutal na nakapokus na operasyong militar sa mga larangang gerilya.

Nakapagtipon ang mga Pulang mandirigma at masa sa Camarines Norte, Central Negros at South Central Negros at iba pang lugar para sa anibersaryo.

Sa Eastern Visayas, naisagawa ang pagdiriwang sa kabila ng pagdagdag ng tatlong batalyon sa nakaraang apat na buwan. Isinagawa ng mga mandirigma ang 21-gun salute para sa Kasamang Jose Maria Sison, sa mga namartir na mga myembro ng Komite Sentral at mga martir ng isla.


Naitaguyod ng hukbong bayan at masa ang aktibidad nang lingid sa mga mata at tenga ng kaaway. Nakapaglunsad sila ng mga kultural na pagtatanghal at magsalu-salo sa simpleng mga pag-kain at kakanin.

Sa Metro Manila, naglunsad ng iglap-protesta ang mga kasapi ng Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma) noong Marso 25 at mga myembro ng Kabataaang Makabayan noong Abril 2. Nagkaroon naman ng sikretong pagtitipon ang mga myembro ng Liga ng Agham para sa Bayan.

Sa mga araw bago ang anibersaryo, isinagawa ng mga alyadong organisasyon ng NDFP ang pagsasabit ng mga balatengga, pagpipinta at pamamahagi ng polyeto para sa digmang bayan sa Metro Manila, Cebu City, sa mga prubinsya ng Rizal, Laguna, Iloilo, Agusan del Sur at Surigao del Sur. Sa labas ng bansa, isinagawa ito sa Ireland.

Sa ibayong dagat, pinangunahan ng Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS) ang mga porum, talakayan at pagtitipon sa US at United Kingdom. Nakiisa naman ang mga grupo mula sa Ireland, China at iba pa.

Pinasusubalian ng mga pagsulong na ito ang hungkag na pahayag ng National Task Force-Elcac noong Abril 3 na tanging dalawang larangang gerilya na lamang ng BHB ang aktibo habang ang 15 iba pa ay "mahina" nang mga larangan. Hibang na ipinahayag ni Ernesto Torres Jr, direktor ng NTF-Elcac, na nabuwag nito ang sinasabing "72 ng kabuuang 89 larangang gerilya" mula 2018. Muli na namang iniusod ng rehimeng US-Marcos Jr ang dedlayn para diumano lipulin ang lahat ng mga larangang gerilya ng BHB sa katapusan ng 2023.



## 1.8 milyon

nawalang trabaho (*job loss*) noong Enero. Bumagsak ang bilang ng mga may trabaho mula **49 milyon** noong Disyembre 2022 tungong **47.4 milyon**.

Dagdag dito, pinaliit din nang **1.5 milyon** ang bilang ng nasa pwersa ng paggawa, habang tumaas ang bilang ng mga walang trabaho nang **153,000** at ng mga kulang ang trabaho nang **458,000**.

## ₱13.75 trilyon

kabuuang utang ng Pilipinas, na mahigit 60% sa kabuuang lokal na produksyon.

Para sa 2023, ₱1.630 trilyon ang awtomatikong inilaan sa pagbabayad nito. Mas mataas ito nang 18.65% kumpara sa 2022 at katumbas ng 6.85% ng GDP ng bansa.

## V20

20 bansang pinakabulnerable sa *climate change*, kung saan nabibilang ang Pilipinas.

Sa 2024, tinatayang kakailanganin ng mga bansang ito ng **$69 bilyon** para pambayad sa utang.

***Pinagkunan:*** *V20 at Boston University Global Development Policy Centre*

## ₱4.1 bilyon

netong kita ng **Shell Pilipinas** noong 2022 sa gitna ng nagtatataasang presyo ng produktong petrolyo at pagsirit ng implasyon.

## ₱1.3 bilyon

kasalukuyang ginugugol ng US para kumpunihin ang paliparan sa **Basa Air Base sa Clark, Pampanga** para sa ekslusibong gamit ng mga tropa at eroplanong pandigma nito.

Isa ito sa mga tinaguriang **"EDCA site" o dayuhang base militar** na itinayo nang hindi na nagpapaalam sa Senado, taliwas sa itinatakda sa reaksyunaryong Konstitusyong 1987.

## Credit Suisse Bank

**167-taong gulang at pangalawang pinakamalaking bangko sa Switzerland** na tuluyang bumagsak noong Pebrero matapos ang serye ng pagkalugi ng pamumuhunan, pagbayad ng multa dahil sa money laundering, samutsaring iskandalo at pag-*withdraw* ng **$119 bilyong kapital** ng mga kliyente nito.

## 99%

ng gatas sa Pilipinas ay ***imported***.

Inaangkat ang **1.8 milyong metriko tonelada** (halaga: $694.51 milyon), kabilang ang mga gatas para sa mga sanggol.

## 29.12%

o 49.20 milyon pa lamang ng 169 milyong *subscriber* ang nakarehistro hanggang noong Marso 21.

Sa gayon, nanganganib mapagkaitan ng serbisyo sa komunikasyon ang umaabot sa **119.8 milyong *subscribers*** habang papalapit ang Abril 27, dedlayn sa pagpaparehistro.

# Mga pagkilos para sa dagdag-sahod, nagpapatuloy

Habang papalapit ang Mayo Uno, paparaming mga sektor ang naglulunsad ng mga pagkilos para ipanawagan ang dagdag-sahod at seguridad sa trabaho, kasabay ng pagpapababa ng presyo ng mga bilihin. Ilan sa mga pagkilos ang sumusunod.



Inilunsad ng Kadamay ang taunang Kalbaryo ng Maralita, ang isang linggong pagkilos ng mga maralitang-lunsod na nakataon sa Semana Santa ng pananampalatayang Kristyano. Isang Misang Bayan ang ginanap noong Abril 2 sa Bustillos Church sa Sampaloc, Maynila. Dala ng mga maralita ang mga palaspas kung saan nakasulat ang mga panawagan para sa dagdag-sahod, seguridad sa trabaho at disenteng pabahay. Noong Lunes Santo, muli silang nagtipon sa Liwasang Bonifacio sa Maynila para sa sahod at kabuhayan. Magtatapos ang mga aktibidad ng kalbaryo sa Pasyon ng Masa sa Abril 4.

**Petisyon para sa dagdag-sahod sa Calabarzon.** Nagsampa ng petisyon noong Marso 27 ang 12 sa paggawa sa ilalim ng Workers Initiative for Wage Increase (WIN4WIN) ng petisyon sa wage board ng Calabarzon (Region IV-A) para sa dagdag-sahod para makamit ang unipormadong ₱750 minimum na arawang sahod. Sa kasalukuyan, may apat na magkaibang minimun na sahod sa rehiyon.

**Payday Protest.** Tumungo sa pambansang upisina ng DOLE ang mga manggagawa mula sa Unity of Wage Increase Now sa araw ng sahuran (katapusan ng buwan) noong Marso 31 para kalampagin ang ahensya hinggil sa panawagan at petisyon na itaas ang sahod.

**Kawaning kontraktwal, gawing regular.** Nagprotesta noong Marso 24 ang mga kawani ng gubyerno para ipanawagan ang pagbabasura sa Joint Circular No. 2 S. 2020 ng DBM at COA na nag-awtorisa sa mga ahensya ng gubyerno na kumuha ng mga manggagawa sa mga *labor agency*.

Sa kasalukuyan, mayroong 700,000 kontraktwal, kaswal at nakapailalim sa sistemang *job order* na mga empleyado ng gubyerno. Ipinanawagan din nila ang pagtataas ng sweldo ng lahat ng mga kawani tungong ₱33,000 kada buwan. Isinagawa ang protesta sa harap ng upisina ng DBM.

---

**Internasyunal na Araw ng walang Lupa.** Nagtipon ang mga magsasaka sa harap ng upisina ng DAR sa Metro Manila bilang pakikiisa sa Pandaigdigang Araw ng Kawalan ng Lupa noong Marso 29. Sa buong mundo, tinatayang 800 milyong magsasaka ang walang sariling lupa dulot ng kawalan ng tunay na reporma sa lupa at mga neoliberal na patakarang nagtulak ng pang-aagaw at pandarambong ng mga imperyalistang kumpanya sa kanilang mga sakahan, pangisdaan at lupang ninuno. Nagkaroon din ng mga pagkilos ang mga magsasaka ng Panay, Bicol at Lupang Ramos sa Cavite.

**Ayuno ng mga detenido sa Negros.** Nag-ayuno ang mga detenidong pulitikal sa Negros noong Marso 30 para gunitain ang ika-4 na taon ng "Oplan Sauron 2" at manawagan ng hustisya para sa mga biktima nito. Noong Marso 30, 2019, 14 magsasaka ang pinatay ng mga pulis at militar sa Canlaon, Manjuyod at Sta. Catalina sa Negros Oriental matapos malisyoso silang iugnay sa armadong kilusan.

**Hinaing ng mga drayber ng dyip, tugunan.** Sa Cebu, nagprotesta ang mga drayber ng Piston-Cebu noong Marso 31 para ipanawagan ang pagbaba ni LTFRB-7 Regional Director Eduardo Montealto dulot ng kanyang kawalang-aksyon sa usapin ng *jeepney phaseout.*

**Ipagtanggol ang Norte.** Nag-ikot sa mga ahensya ng estado sa Metro Manila ang mga katutubo at tagapagtanggol sa karapatang-tao mula sa Northern Luzon noong Marso 20-21. Iginiit nila ang pagbabasura sa gawa-gawang kaso laban sa pitong aktibista na tinaguriang NL7, pagtigil sa pambobomba sa mga sibilyang komunidad at iba pang paglabag sa karapatan ng mamamayan sa Norte.

**Kabataan kontra ROTC at taas-matrikula.** Magkakasabay na nagprotesta ang mga grupo ng kabataan sa walong eskwelahan noong Marso 24 para tutulan ang itinutulak na mandatory ROTC ng rehimeng Marcos II. Ipinahayag din ng mga kabataan ang pagtutol sa napipintong pagtataas ng matrikula at ibang mga singilin sa mga pribadong unibersidad. Nakiisa sa pagkilos ang mga estudyante ng Far Eastern University, Univerity of Sto. Tomas, Ateneo de Manila University, University of the East, at iba pang unibersidad sa Metro Manila.

**Pribatisasyon ng CENECO, tinututulan.** Naprotesta ang mga empleyado at konsyumer ng Central Negros Energy Cooperative sa Bacolod City noong Abril 4 para tutulan ang pribatisasyon ng serbisyo sa kuryente. Anila, magdudulot ito ng pagtataas ng singil at pangit na serbisyo tulad nang nangyari sa Bacolod City Water District (BACIWA).

# 3 sibilyan, dinukot ng militar sa Batangas

Dinukot ng 59th IB noong Marso 27 ang tatlong sibilyan sa Batangas at itinago ng halos isang linggo. Dinampot sa harap ng Medical Center-Western Batangas sa Balayan sina Lloyd Descallar, Alfred Manalo at Angelito Balitostos. Si Balitostos, 65 anyos, ay nataon na nagdaraan habang dinudukot ang naunang dalawa.

Sina Manalo at Descallar ay mga boluntir ng Sugarfolks Unity for Genuine Agricultural Reform (SUGAR)-Batangas. Matapos ang ilang araw na paghahanap at paggigiit ng grupo sa karapatang-tao, napilitan ang 2nd ID na amining nasa kustodiya nila ang tatlo.

**Pwersahang pagpapasuko sa La Union.** Sapilitang "pinasuko" ng mga pulis ang apat na mangingisda ng Timek ken Namnaman dagiti Babassit a Mangngalap iti La Union (TIMEK La Union-Pamalakaya) noong ikalawang linggo ng Marso. Ang apat ay mga residente ng Barangay San Manuel Norte, Agoo, La Union. Inimbitahan sila sa presinto para tumanggap diumano ng ayuda pero pagdating doon ay ipinresenta bilang mga "sumukong rebelde."

**Panggigipit sa mga sibiliyan sa Negros Occidental.** Pinasok ang bahay at ininteroga ng mga pwersa ng 62nd IB sina Danilo at Libeth Gerunda ng Sityo Caliban, Barangay Banog-banog, Isabela noong Marso 26 at Marso 28. Kinunan ng mga sundalo ng litrato ang mga anak ng mag-asawa na edad 16, 12 at 5-taong gulang.

**Militarisasyon sa Tondo at Batangas.** Nanghalihaw sa komunidad ng Hapilan at Aroma sa Barangay 105, Vitas, Tondo ang mahigit-kumulang 90 sundalo ng 11th IB noong Marso 9. Nag-ikot sila para alamin ang kinaroroonan ng mga kasapi ng Gabriela at Kadamay. Ang Hapilan at Armona ay mga komunidad na nahaharap sa mga banta ng demolisyon para bigyan-daan ang proyektong Skyway Extension at *land reclamation*.

Nagbahay-bahay din ang mga elemento ng 59th IB sa Barangay San Isidro Sur, Sto. Tomas, Batangas noong Marso 12. Tatamaan ang komunidad ng itatayong proyektong Sto. Tomas-Malvar Diversion Road.

## 3 maysakit na mandirigma sa NEMR, sadyang pinatay

TATLONG MAYSAKIT NA Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northeastern Mindanao Region ang dinukot at sadyang pinatay ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP). Noong Marso 26, dinukot ang mag-asawang sina Dano at Rosalia Caindoy sa isang ospital sa Misamis Oriental habang nagpapagamot. Pinalabas silang napatay sa isang engkwentro sa pagitan ng AFP at BHB sa Barangay San Juan, Bayugan City, Agusan del Sur sa sunod na araw.

Noong Marso 29, dinukot naman ng AFP si Emanuel Llanos Anob, 67 at maysakit, sa haywey sa Butuan City. Galing din siya sa isang ospital. Naiulat pa ng kanyang mga kaanak ang kanyang pagkawala. Pinalalabas na napatay si Anob sa isang engkwentro sa San Miguel, Surigao del Sur sa sunod na araw. Basta na lamang inilagak ang kanyang bangkay sa isang *funeral home* sa Bayugan City.

Naitala rin ang kaso ng paglabag sa internasyunal na makataong batas sa paglapastangan ng mga sundalo ng 50th IB sa bangkay ni Onal Osia Balaoing (Ka Puk-et), isang Pulang mandirigma, na napatay sa isang engkwentro sa Balbalan noong Marso 9. Paulit-ulit nilang pinagbabaril ang kanyang bangkay hanggang sa lumuwa ang mga lamang loob. Maraming bahagi ng kamay at paa niya ay nabali.

Sa Sorsogon, ipinarada ng 9th ID bilang mga "surrenderee" sina Nestor Estillon at Edwin Jimenez noong Abril 3.

Si Estillon ay iligal na inaresto ng 22nd IB sa Barangay Fabrica, Barcelona habang si Jimenez, kilala bilang Ka Bro at kasapi ng hukbong bayan, ay dinakip ng 31st IB sa Barangay Lapinig, Gubat noong Marso 9 habang dumadalaw sa kanyang pamilya.

## Pilipinas, ginagawang tau-tauhan ng US sa estratehiya kontra China

KAISA NG MAMAMAYAN ang Partido Komunista ng Pilipinas sa pagkundena sa rehimeng Marcos sa pakikipagsabwatan nito sa imperyalismong US para itayo ang dagdag na apat na base militar nito sa bansa. Noong Abril 3, inianunsyo ni Ferdinand Marcos Jr ang pagbibigay niya ng "akses" sa mga tropa at gamit militar ng US sa Camilo Osias Naval Base sa Sta. Ana, Cagayan; Lal-lo Airport sa Lal-lo, Cagayan, Camp Melchor dela Cruz sa Gamu, Isabela at Balabac Island na sakop ng Palawan.

Ang mga lokasyong ito ay tinukoy bilang mga "pinagkasunduang lokasyon" sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Tatamasa ng ekstra-teritoryal na mga karapatan ang militar ng US sa mga lugar na ito. Ibig sabihin, walang awtoridad ang Pilipinas na itakda o kahit usisain ang mga aktibidad o iniimbak na armas ng mga tropang Amerikano sa mga ito.

Sa pagpayag ng tutang estado sa mga "lokasyong EDCA," pumapayag din itong gamitin ng US ang Pilipinas bilang tau-tauhan sa estratehiya kontra China. Isinasapanganib nito ang kalayaan at buhay ng mga Pilipino. Tungkulin ng lahat ng mga Pilipinong nagmamahal sa bayan na ipagtanggol ang bansa sa pamamagitan ng pagtutol sa EDCA at paggigiit na lansagin ang mga dayuhang base militar sa bansa.

# Pandarambong ng mga mina at dayuhang plantasyon sa Surigao del Sur

Walang silbi para sa masang magsasaka at Lumad ng Surigao del Sur ang malalaking makinarya at kagamitan sa agrikultura na "ibinigay" ng Department of Agriculture Caraga Region noong Marso 30. Para sa kanila, palamuti ang mga kagamitang ito. Tanong nila: saang sakahan gagamitin ang mga ito gayong binabakbak na ng malalaking plantasyon at operasyong mina ang mga lupang agrikultural sa prubinsya?



Ang Surigao del Sur ay mayroong kabuuang sukat na 523,050 na ektarya ng lupa kung saan nakalaan dapat sa agrikultura ang 214,032 ektarya nito. Pangunahing produkto ng prubinsya ang palay, mais, buko, saging, abaka at iba pang tanim na pagkain tulad ng kamoteng kahoy. Subalit sa halip na paunlarin ang agrikultura, isinuko ang mga lupang pang-agrikultura sa operasyon at eksplorasyong pagmiminina at ekspansyon ng dayuhang mga plantasyon.

Noong Marso lamang, binili ng kumpanyang Surigao Greens Agri Corp, subsidyaryo ng A. Brown, ang 70,000 metro kwadradong lupa sa bayan ng Barobo para sa ekspansyon ng plantasyong *oil palm* nito. Kasama nitong binili ang isang *oil palm milling plant* sa naturang lugar. Ang A. Brown ay bantog sa pagpapalayas at pandarahas sa mga Lumad at magsasaka, kadalasang kasabwat ang Armed Forces of the Philippines (AFP), katulad ng ginawang pagpapalayas sa Opol, Misamis Oriental.

Sa buong CARAGA, rehiyong kinabibilangan ng Surigao del Sur, tinatayang nasa 25,827.93 ektarya ang sakop ng mga plantasyong ng *oil palm*. Kasalukuyang nagpoprodyus ang mga plantasyong ito ng 150,000 metriko toneladang krudong *oil palm* para pang-eksport. Nakatakdang palawakin ang plantasyon nito ng dagdag pang 50,000 ektarya hanggang 200,000 ektarya sa buong rehiyon ng Eastern Petroleum Group of Companies, isang kumpanyang Amerikano.

Liban dito, hawak din ng mga plantasyon ng saging ng kumpanyang Japanese na Sumifru ang mga lupang pang-agrikultura sa Tagbina at Barobo. Mayroon ding malawak na plantasyon ng saging sa Tago na pag-aari ng kumpanyang Falcon. Ang mga produktong ng mga plantasyong ito ay iniluluwas sa ibang bansa.

Pugad din ng mga kumpanya sa pagmimina ang prubinsya. Dahil hitik sa likas na mineral, laluna ang Andap Valley Complex na mayroong pinakamalaking reserba ng karbon sa buong mundo, pinaglalawayan ang yaman ng prubinsya ng mga burukrata at kasosyo nilang dayuhang kumpanya.

Kabilang sa mga kumpanyang ito ang Clarence T Pimentel Mining Corporation, Vicente T Pimentel, Marc Venture Mining Corporation, Carascal Nickel Corporation at marami pang iba. Nariyan din ang Abacus Mining Corporation na planong saklawin ang mga bayan ng San Miguel, San Agustin, Marihatag, Cagwait, Tago at Lianga sa pagmimina ng karbon.

Katambal ng mga operasyong pagmimina ang malawakang militarisasyon laban sa mga magsasaka at Lumad na lumalaban. Sa Andap Valley nakatira ang mga Manobo at Mamanwa na nabubuhay sa yaman ng kagubatan para sa kanilang pagkain, gamot at pangunahing pangangailangan. Kasangkapan ang mga pwersang militar at paramilitar, pinalalayas sila sa kanilang lupang ninuno.

Nitong nagdaang limang taon, walang awat at sustenido ang mga nakapokus na operasyong militar, pambobomba at militarisasyon sa 309 mga barangay sa prubinsya. Nagdulot ang mga operasyong ito ng kahindik-hindik na mga krimen laban sa sangkatauhan, kabilang ang dalawang masaker sa Lianga noong 2015 at 2021. Naganap dito ang paulit-ulit at malawakang dislokasyon at pagbakwit ng mga Lumad dahil sa mga operasyong militar. Apektado hindi lamang ang kabuhayan at buhay ng mga residente, kundi pati ang kanilang mga eskwelahan na ipinasara ng militar sa panahon ng rehimeng Duterte.

Lampas isang dekada nang sinesentruhan ang prubinsya at buong rehiyong Caraga ng walang patid na militarisasyon sa ngalan ng mina at plantasyon. Noong 2008, inilagak dito ang tinaguriang Investment Defense Force (IDF), mga pwersang militar at paramilitar na ang misyon ay depensahan ang mga pag-aari, imprastraktura at mga proyekto ng mga mapandambong na kumpanyang mina at plantasyon.

Kinokombert din ang mga lupang agrikultural sa prubinsya ng programang Expanded National Greening Program ng Department of Environment and Natural Resources. Nililinlang ng DENR ang mga magsasaka para pumaloob sa naturang programa, talikuran ang kanilang tradisyunal na tanim na pagkain, at magtanim ng mga komersyal na binhi tulad ng *falcatta*, prutas at iba pa. AB